Q & A ON MRP: "TANONG TUNGKOL SA BAGONG MACHINE READABLE PASSPORT"

Tanong/Question:

Mayroon po akong green passport na mawawalan na ng bisa sa susunod na taon. Gusto ko pong malaman kung kailangan ko bang hintayin ang expiry date ng passport ko bago ko ito ipa-renew o maaari ko na po ba itong iparenew ngayon?

Magkano po ang bayad para sa passport renewal? Ano ang mga requirements para mag-apply ng bagong passport? Gaano katagal bago ko makuha ang bago kong passport?

Ano po ba itong tinatawag na Machine Readable Passport (MRP)?

Sagot/Answer:

Hindi mo na kailangan pang hintayin ang expiry date o pagkawala ng bisa ng green passport mo sa susunod na taon. Maaari mo na itong ipa-renew ngayon pa lamang.

Ang bagong pasaporte ay nagkakahalaga ng Two Thousand Two Hundred Fifty Baht (Bt2,250.00). Matatanggap mo ang bagong pasaporte makalipas ng humigit kumulang na tatlumpong araw (30 days) mula sa petsa kung kalian mo isinumite ang iyong passport application sa Embahada.

Ang Machine Readable Passport ay bagong uri ng pasaporte na sinimulang i-isyu ng Department of Foreign Affairs noong buwan ng Agosto, taong 2008. Kaiba ito sa brown o green passport sa mga taglay nitong bagong "security features" katulad ng "machine readable zone" kung saan nakapaloob ang mga personal na detalye ng nag-mamayari nito.

Maliban sa mahirap itong pekehin, ang Machine Readable Passport ay mas madaling gamitin sa pagbiyahe kesa sa green passport dahil kaya na itong basahin ng mga passport reader sa mga international airport.